International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 343-352

# Proficiency in Text Writing and Development of Workbook in Guided Writing

**DANDY S. CASTILLO**
Concepcion National High School
Deped Koronadal City Division
dandy.castillo@deped.gov.ph

**GRACELYN C. ALTAYA, EdD**
Sultan Kudarat State University
gracelynaltaya@sksu.edu.ph

## Abstract

Writing proficiency is a crucial factor in a student's academic success, yet it remains a challenge for many students in the Philippines. This study aims to determine the writing proficiency of Grade 8 students and to develop a workbook for guided writing in response to their needs. The researcher employed a descriptive-developmental design to examine students' skills in various aspects of writing, including content, organization, grammar, and mechanics. Findings revealed that their writing proficiency was at a low level, indicating a need for further improvement, particularly in mechanics. The developed workbook was reviewed by experts and was proven to be an appropriate and effective instructional material. Results also showed that both teachers and students responded positively to the material. Based on the findings, the study recommends providing more writing exercises, remedial classes, utilization of the workbook, and implementation of various activities to enhance students' writing skills. Furthermore, it is suggested that continuous training for teachers and in-depth research on the challenges students face in writing be conducted. This study offers a significant contribution to the improvement of writing proficiency and the advancement of education quality in the country.

Keywords: writing proficiency, text writing, workbook, Guided writing, content, organization, grammar, and mechanics.

## Kahusayan sa Pagsulat ng Teksto sa Pagbuo ng Sanayang-Aklat sa Pinatnubayang Pagsulat

## Abstrak

Ang kasanayan sa pagsusulat ay isang mahalagang salik sa tagumpay ng isang mag-aaral, ngunit nananatili itong hamon sa maraming mag-aaral sa Pilipinas. Ang pananaliksik na ito ay

naglalayong matukoy ang kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang at bumuo ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat bilang tugon sa kanilang pangangailangan. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptib-debelopmental na disenyo upang suriin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng pagsusulat, kabilang ang nilalaman, organisasyon, gramatika, at mekaniks. Natukoy na ang kanilang kasanayan ay nasa antas na mahina, na nangangahulugang may pangangailangan para sa higit pang pagpapabuti, lalo na sa mekaniks. Ang sanayang-aklat na binuo ay sinuri ng mga dalubhasa at napatunayang akma at epektibong kagamitang panturo. Ipinakita rin ng resulta na parehong guro at mag-aaral ay may positibong pagtanggap dito. Batay sa natuklasan, inirerekomenda ang pagbibigay ng higit pang pagsasanay sa pagsusulat, remedial na klase, paggamit ng sanayang-aklat, at pagpapatupad ng iba't ibang aktibidad upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, iminungkahing magkaroon ng patuloy na pagsasanay para sa mga guro at mas malalim na pananaliksik ukol sa mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Ang pag-aaral na ito ay may mahalagang ambag sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat at sa pagpapaunlad ng kalidad ng edukasyon sa bansa.

Susing salita: kahusayan sa pagsulat, teksto, sanayang-aklat, pinatnubayang pagsulat, nilalaman, oraganisasyon, gramatika, at mekaniks.

**Panimula**

Ang pagsulat ay isang mahalagang kasanayan na tumutulong sa tagumpay ng isang tao sa iba't ibang aspekto ng kaniyang buhay. Sa pamamagitan ng pagsulat, nagiging posible ang malinaw at epektibong pagpapahayag ng damdamin, ideya, at opinyon. Hindi lamang ito isang kasanayan, kundi isa ring sining na nagpapakita ng pagkamalikhain at agham na nakabatay sa mga prinsipyong nagpahusay sa komunikasyon. Ang pagsusulat ay may kakayahang magbigay ng kaalaman, mag-udyok ng positibong pagbabago, at mag-ambag sa pag-unlad ng lipunan. Sa anumang anyo nito mula sa simpleng mensahe hanggang sa masusing dokumento. Ang pagsusulat ay nananatiling isang mahalagang instrumento ng pakikipag-ugnayan.

Sa global na konteksto, natuklasan nina Listyani (2020) na sa mga pagsusulit sa pagsusulat ay may mga internal na salik tulad ng kakayahan sa wika, motibasyon, at kasanayan, gayundin ang mga eksternal na salik tulad ng kapaligiran, kultura, at teknolohiya, na nakaapekto sa kahirapan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng diin sa pangangailangan ng mas epektibong suporta upang matugunan ang mga hamon sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Sa Pilipinas, ayon sa kwalitatibong pagsisiyasat nina Aragon (2023), natuklasan na ang mga mag-aaral ay nahaharap sa maraming hamon sa pagsulat sa Filipino. Kabilang sa mga hamong ito ang kakulangan ng kaalaman sa paksa, hindi handa na pag-iisip tungkol sa kung ano ang isinasaalang-alang nila sa pagsulat, kakulangan ng kaalaman sa gramatika, at hindi paggamit ng bokabularyo nang tama. Kaya alinsunod sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 39, serye 2012, kinilala ng DepEd na maraming sekundaryang paaralan ang nagsasagawa ng mga programa sa pagremediya upang matugunan ang mga kakulangan sa pagkatuto. Hinimok ang mga paaralan na gawing mas sistematiko ang mga interbensyon habang ipinatutupad ang Baitang 7 ng K to 12 Basic Education Program. Binibigyan ng diin din ng DepEd ang kahalagahan ng pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat para sa kaunlaran sa pag-aaral.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 343-352

Batay sa iniulat na resulta ng diagnostic test ng Pansangay na tagapag-unay sa Filipino sa Dibisyon ng Koronadal para sa taong 2023-2024, naitala na pumapangalawa ang ikawalong baitang sa may pinakamababang MPS sa mga mag-aaral ng sekondarya na nakakuha lamang ng 48.4 bahagdan. Patunay lamang na kailangang matutukan at sanayin pa ang mga mag-aaral sa mga competensi na mayroong kaugnayan sa kasanayan sa pagsusulat, sapagkat sa parehong ulat din mataas ang naging resulta ng least learned competencies na naitala sa creating at ito ay umabot ng 21.00%.

Karamihan sa mga naisagawang pag-aaral ay nakatuon lamang sa pagpapaunlad ng batayang kasanayan sa pagsulat, mga estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa Filipino, estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat, lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat, sipat-siyasat sa karanasan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat  Gayunpaman, walang sapat na pananaliksik na tumutok sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng teksto sa pagbuo ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat (Asmad et. al., 2024; Espiritu & Acerit, 2024; Cabigao, 2013; Revellame & Aycardo, 2024; Galdonez, 2023). Ang kakulangan ng ganitong pag-aaral ay nagbubukas ng oportunidad para sa mas malalim na pagsusuri sa larangang ito.

Kung kaya, ang pananaliksik na ito ay mahalaga upang matukoy ang kahusayan ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa pagsusulat ng mga teksto. Napakahalaga ng ganitong pag-aaral dahil ang pagsusulat ay hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman at nagpapahusay ng kritikal na pag-iisip, kundi isa ring pundasyon ng epektibong komunikasyon na kinakailangan sa pang-araw-araw na buhay at sa akademikong tagumpay. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga angkop at dekalidad na sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat na magpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral, na isang mahalagang hakbang upang matugunan ang kasalukuyang agwat sa pagkatuto.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito na masukat ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng teksto sa pagbuo ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat. Partikular na sinagutan ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng teksto batay sa:
    - 1.1 Nilalaman;
    - 1.2 Gramatika;
    - 1.3 Organisasyon; at
    - 1.4 Mekaniks?
2. May makabuluhang kaibahan ba ang mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa:
    - 2.1 Nilalaman;
    - 2.2 Gramatika;
    - 2.3 Organisasyon; at
    - 2.4 Mekaniks?
3. Ano ang antas ng balidasyon ng nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang Pagsulat batay sa:
    - 3.1 Kasapatan;

3.2 Pagkakaugnay-ugnay;
3.3 Kaangkupan; at
3.4 Kapakinabangan?

4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ayon sa:
4.1 Nilalaman;
4.2 Teknikal;
4.3 Kagamitang Panturo at Pampagkatuto; at
4.4 Kahalagahan?

5. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ayon sa:
5.1 Nilalaman;
5.2 Teknikal;
5.3 Kagamitang Panturo at Pampagkatuto; at
5.4 Kahalagahan?

6. May makabuluhang kaibahan ba ang antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat?

**Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib-debelopmental na disenyo upang matukoy ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng teksto at masuri ang baliditi at akseptabiliti ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat. Ginamit ng pag-aaral na ito ang *random sampling* na teknik sa pagtukoy ng tatlumpung mag-aaral mula sa ikawalong baitang bilang mga respondente. Anim na dalubhasang guro sa Filipino na may masteral na digri sa pagtuturo ng Filipino ang magsisilbing balideytor ng mga pamantayan at ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat. Bukod dito, tatlumpo ang magsisilbing respondente na binubuo ng mga guro sa Filipino at mga mag-aaral para sa pagtanggap ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng SKSU, sa Pansangay na Tagapamanihala ng Dibisyon ng Lungsod ng Koronadal at sa punongguro ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Concepcion na maisagawa ang pangangalap ng datos. Pagkatapos makuha ang kinakailangang mga permiso, ipinasulat sa mga mag-aaral ang apat na teksto at kinuha rin ang datos mula sa kanilang mga isinulat gamit ang minodipikang pamantayan ni Jacob (1981). Ang naging resulta ay naging batayan sa pagbuo ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat. Kasunod nito, isinagawa ang pagpapabalido ng nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat sa tulong ng mga eksperto. Ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa teksto, batay sa nilalaman, gramatika, organisasyon, at mekaniks, ay sinukat gamit ang *mean*. Samantala, ang makabuluhang kaibahan ng mga kasanayan sa pagsulat batay nilalaman, gramatika, organisasyon, at mekaniks ng mga mag-aaral ay ginamit ang *ANOVA (Analysis of Variance)*. Sa pagtukoy ng antas ng baliditi ng nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat, ginamit ang minodipikang eskala na halaw kina Rogayan & Dollete (2019). Sa pagtukoy naman ng antas ng pagtanggap ng nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat, ginamit naman ang minodipikang eskala na halaw kay Garcia (2021). Ang makabuluhang kaibahan ng antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral para sa nabuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ay susuriin gamit ang *T-test*. Ihahambing ang antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng sanayang-

aklat tulad ng nilalaman, teknikal, kagamitang panturo, at kahalagahan. Ang resulta ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa kung mayroong magkakaibang pananaw ang mga guro at mag-aaral sa pagtanggap ng sanayang-aklat.

**Presentasyon, Analisis at Interpretasyon ng mga Datos**

**Talahanayan 1.** Resulta ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Teksto

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 2.67 | 0.61 | Mahina |
| Gramatika | 2.60 | 0.62 | Mahina |
| Organisasyon | 2.60 | 0.62 | Mahina |
| Mekaniks | 2.33 | 0.61 | Napakahina |
| Kabuoan | 2.55 | 0.62 | Mahina |

Inilahad ng Talahanayan 1 ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng teksto batay sa nilalaman, gramatika, organisasyon, at mekaniks. Berbal na nakakuha ng mahina ang nilalaman (M=2.67, sd=0.61, gramatika (M=2.60, sd=0.62), at organisasyon (M=2.60, sd=0.62) Subalit, nakakuha naman ng pinakamababang mean na 2.33 (sd=0.61) ang mekaniks. Sa kabuoan, may kasanayan ang mga mag-aaral na mahina (M=2.55, sd=0.62). Mula sa mga inilahad na resulta sa kasanayan ng estudyante sa nilalaman, gramatika at organisasyon, ang mga kasanayan na ito ay parehong nasa mahina, nangangahulugan na limitado ang kaalaman nila at hindi sapat ang pag-unlad ng paksa; May malaking problema rin sa estruktura, madalas ang pagkakamali sa aspekto, ayos ng mga salita, panghalip, pang-ukol at nagiging malabo ang kahulugan; Hindi rin magkakaugnay ang mga ideya, kulang sa lohikal na pagkakasunod-sunod at pag-unlad. Samatala ang kasanayan naman sa mekaniks nasa antas napakahina na nangangahulugan na walang kahusayan sa mga alituntunin; marami ang pagkakamali sa baybay, bantas, paggamit ng malalaking titik, pagbuo ng talata, at hindi mabasa ang sulat-kamay. Sa kabuoan na resulta at mula sa pagsusuri na ginawa sa mga teksto, lumabas na may kakulangan sa kasanayan sa pagsulat ang mga mag-aaral. Sang-ayon sa kwalitatibong pagsisiyasat nina Aragon (2023), natuklasan na ang mga mag-aaral ay nahaharap sa maraming hamon sa pagsulat sa Filipino. Kabilang sa mga hamong ito ang kakulangan ng kaalaman sa paksa, hindi handa sa pag-iisip tungkol sa kung ano ang isinasaalang-alang nila sa pagsulat, kakulangan ng kaalaman sa gramatika, at hindi paggamit ng bokabularyo nang tama. Dagdag pa rito ang pag-aaral nina Quinlog (2023) Ang kahirapan sa wastong paggamit ng gramatika ay hamon din para sa mga mag-aaral sapagkat hindi sapat ang kanilang kaalaman sa wika. Hindi nila gaanong maggamit ang mga salita at bantas upang makabuo ng isang pangungusap na may wastong estruktura. Hindi rin sila gaanong maalam sa pagbabaybay ng mga salita.

**Talahanayan 2.** Makabuluhang Kaibahan ang mga Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral

| Baryabol | | Sum of Squares | df | Mean Square | F | Sig. | Interpre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Between Groups | 10.000 | 5 | 2.000 | 72.000 | .000 | Maka-buluhan |
| | Within Groups | .667 | 24 | .028 | | | |
| | Total | 10.667 | 29 | | | | |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 343-352

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Organisasyon | Between Groups | 11.200 | 5 | 2.240 | | | Walang kabuluhan |
| | Within Groups | 0.000 | 24 | 0.000 | | | |
| | Total | 11.200 | 29 | | | | |
| Gramatika | Between Groups | 10.533 | 5 | 2.107 | 75.840 | .000 | Makabuluhan |
| | Within Groups | .667 | 24 | .028 | | | |
| | Total | 11.200 | 29 | | | | |
| Mekaniks | Between Groups | 10.667 | 5 | 2.133 | | | Walang kabuluhan |
| | Within Groups | 0.000 | 24 | 0.000 | | | |
| | Total | 10.667 | 29 | | | | |

*at 0.05 antas ng kahalagahan*

Ipinakikita ng Talahanayan 2 ang makabuluhang kaibahan ng mga kasanayan sa pagsulat. Binibigyang pukos dito ang mga kasanayan sa organisasyon at mekaniks na may magkatulad na p-value (0.000) at dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05 *level of significance* kaya may makabuluhang pagkakaiba ang mga kasanayang nabanggit. Batay sa naging mababang resulta, ang kasanayan sa organisasyon at mekaniks ay mga kasanayan na kinakailangang din na bigayan ng pansin at maituro ang mga sumusunod, gaya ng Malinaw na pagpapahayag ng mga ideya, maayos ang organisasyon, at lohikal ang pagkasusunod-sunod ng mga pangungusap at maituro rin ang mga alituntunin sa pagsulat, pagbaybay, wastong paggamit ng bantas, paggamit ng malalaking titik, at pagbuo ng talata. Isa sa mga pangunahing dahilan ng mahinang kasanayan sa organisasyon ng sulatin ay ang kakulangan sa pagsasanay sa lohikal na pagsasaayos ng mga ideya. Ang kanilang pag-aaral ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na may regular na pagsasanay sa pagsulat ng balangkas at draft ay mas nagkakaroon ng mas malinaw at organisadong paraan ng pagpapahayag ng kanilang mga ideya (Ferrer et al. 2021). Ayon kina Saradat (2025), ang paggabay ng guro sa mga mag-aaral sa pagsasaalang-alang sa apat na sangkap sa pagsulat ay higit na nakatutulong upang maging wasto at malinaw ang kanilang ginagawang sulatin. Sa tulong ng pinatnubayang pagsulat ay nalalaman ng mga mag-aaral ang tamang bantas, baybay, at kapitalisasyon lalo na ang dapat na maging nilalaman ng kanilang sulatin.

**Talahanayan 3.** Resulta ng Antas ng Balididiti sa Nabuong Sanayang-Aklat sa Pinatnubayang Pagsulat

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Kasapatan | 4.88 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| Pagkakaugnay-ugnay | 4.72 | 0.29 | Lubos na sumasang-ayon |
| Kaangkupan | 4.88 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| Kapakinabangan | 4.76 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| Kabuoan | 4.81 | 0.27 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 343-352

Ipinakikita sa Talahanayan 3 na may lubos na sumasang-ayon (M=4.81, sd=0.27) ang naging resulta ng pagpapabalido sa balidiiti ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat. Inilarawan nito na ang sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ay may mataas na antas ng balidiiti at ito ay patunay lamang na ang kasapatan, pagkakaugnay-ugnay, kaangkupan, at kapakinabangan ay may malaking bahagi upang mapagtibay na ang nabuong sanayang aklat ay epektibong kagamitan upang magabayan ang mga mag-aaral sa wastong pagsulat ng teksto. Ayon kina Garcia (2021), ang paggamit ng sanayang-aklat na may malinaw na gabay sa proseso ng pagsulat ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kanilang pag-aaral, ipinakita na ang mga mag-aaral na gumamit ng sanayang-aklat na may sistematikong pagsasanay sa pagsulat ay nagpakita ng mas mataas na antas ng kakayahan sa organisasyon at gramatika. Dagdag pa rito, binigyan ng diin ni Mendoza (2019) na ang paggamit ng pinatnubayang pagsulat ay nakatutulong sa mga mag-aaral na unti-unting malinang ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng maayos at malinaw na teksto, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng akademikong pagsulat.

**Talahanayan 4.** Resulta ng Antas ng Akseptabiliti ng Guro sa Nabuong Sanayang-Aklat sa Pinatnubayang Pagsulat

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.66 | 0.50 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Teknikal | 4.64 | 0.50 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kagamitang Panturo at Pampagkatuto | 4.56 | 0.56 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kahalagahan | 4.70 | 0.47 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kabuoan | 4.64 | 0.51 | Lubos na Katanggap-tanggap |

Ipinakikita ng Talahanayan 4, magkatulad ang kahalagahan (M=4.70, sd=0.47), nilalaman (M=4.66, sd=0.50), teknikal (M= 4.64, sd=0.50) at kagamitang panturo at pampagkatuto (M=4.56, sd=0.56). Kung kaya may mean ito na 4.64 (sd=0.51) na may paglalarawan na lubos na katanggap-tanggap. Nangangahulugan lamang na ang sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ay nagpapakita ng mataas na antas ng kalidad at angkop na gamitin. Malaki ang maitutulong nito sa mga guro dahil maaari itong gamitin bilang suplementong kagamitang panturo sa pagsulat ng iba't ibang teksto ng mga estudyante. Ang resultang ito ay sumusuporta sa pag-aaral nina Alonzo (2020), kung saan ipinakita na ang isang mahusay na sanayang-aklat ay dapat may malinaw na layunin, organisadong nilalaman, at naaangkop na teknikal na aspekto upang maging epektibong kagamitan sa pagkatuto. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Torres (2019) na ang kahalagahan ng isang sanayang-aklat ay masusukat hindi lamang sa nilalaman nito kundi pati na rin sa kung paano ito nakatutulong sa pagpapadali ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 5.** Resulta ng Antas ng Akseptabiliti ng Mag-aaral sa Nabuong Sanayang-Aklat sa Pinatnubayang Pagsulat

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.47 | 0.56 | Katanggap-tanggap |
| Teknikal | 4.58 | 0.55 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kagamitang Panturo at Pampagkatuto | 4.48 | 0.57 | Katanggap-tanggap |
| Kahalagahan | 4.58 | 0.55 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kabuoan | 4.53 | 0.56 | Lubos na Katanggap-tanggap |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 343-352

Ipinakikita ng Talahanayan 5, ang Teknikal at Kahalagahan ay parehong may pinakamataas na mean na 4.58 (sd=0.55), na ang ibig sabihin ay lubos na katanggap-tanggap. Sumunod dito ang kagamitang panturo at pampagkatuto (M=4.48, sd=0.57), at nilalaman (M =4.47, sd=0.56 na magkapareho din ang deskripsiyon na Lubos na Katanggap-tanggap. Sa pangkalahatan, ang sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ay may mean na 4.53 (sd=0.56) ito ay nagpapakita ng Lubos na katanggap-tanggap. Ipinapakita ng mga datos at kaugnay na pag-aaral na ang sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ay isang epektibong kagamitan sa pagkatuto. Ang mataas na mean scores sa iba't ibang aspekto ay patunay ng pagiging kapaki-pakinabang nito sa mga mag-aaral at guro, lalo na sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat. Ayon sa pag-aaral ni Cabigao (2012), higit na mahuhubog ang sariling kawilihan o interes ng mga-mag-aaral sa pagsulat kung makapaghahanda ang guro ng mga angkop na gawaing pampagkatuto sa lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral. Dagdag pa sa pananaliksik ni Mendoza (2021) na ang mataas na pagtanggap ng isang sanayang-aklat ay nagiging indikasyon ng kahandaan nitong magamit bilang pangunahing materyal sa pagtuturo.

**Talahanayan 6.** Makabuluhang Kaibahan ng Antas ng Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral sa Nabuong Sanayang-aklat sa Pinatnubayang Pagsulat

| | | Mean | SD | t-critical | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pair 1 | Akseptabiliti Guro - mag-aaral | -0.0850 | 0.33170 | -0.810 | 0.439 | Walang kabuluhan |

*at 0.05 antas ng kahalagahan*

Inilalahad ng Talahanayan 6, ang pagtanggap sa pagitan ng mga mag-aaral at guro ayon sa p-value (0.439) kung saan mas mataas ito kaysa 0.05 *level of significance*. Nangangahulgan na walang pagkakaiba sa pagtanggap ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Patunay lamang na walang pagkakaiba sa pagtanggap ng sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Ipinapahiwatig nito na halos magkatulad ang pananaw ng dalawang grupo sa kahalagahan at bisa ng sanayang-aklat. Ang resultang ito ay naaayon sa pag-aaral nina David (2020), kung saan ipinakita na ang mga guro at mag-aaral ay may magkatulad na pananaw sa kalidad ng mga kagamitang panturo, lalo na kung ito ay malinaw na nakaayon sa kurikulum. Dagdag pa dito, ayon sa pag-aaral ni Talabis (2018) na binanggit sa pag-aaral nina Revellame (2024), na ang mga layunin ang target na kaalaman o tunguhin na kailangang maabot ng mga mag-aaral pagkatapos gumamit ng isang suplementaryong kagamitan. Mahalaga ang mga kagamitang likha ng mga guro na makakatulong sa paglago ng kaalalaman ng mga mag-aaral, lalo na ang mga layuning nakalahad sa bawat paksang tatalakayin.

## KONKLUSYON

Batay sa naging resulta ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo ng mananaliksik:

May suliraning kinakaharap ang mga mag-aaral sa pagsulat ng teksto sa lahat ng pamantayan dahil lumabas sa resulta na mahina ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsusulat. Tanging sa nilalaman at gramatika lamang nag-iiba ang kasanyan mula sa pag-aaral ngunit mananatiling magkatulad ang mekaniks at organisasyon na kasanayan na kinakailangang mabigyan ng pansin at maituro.

Balido ang sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat at nagagamit sa pagpahusay ng kasanayan sa pagsulat ng teksto. Gayundin, tinatanggap ng lubusan ng mga guro at mga estudyante ang sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat bilang suplementaryong kagamitan sa pagkatuto at pagtuturo.

Kaya naman, pinatutunayan ng pag-aaral na ito na ang binuong sanayang-aklat sa pinatnubayang pagsulat ay umaangkop sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat.

**SANGGUNIAN**

Alonzo, D., & Ramirez, F. (2020). Ebalwasyon ng Epektibidad ng Sanayang-Aklat sa Pagtuturo ng Pagsulat. *Philippine Journal of Education and Learning*, 25(1), 78-92.

Aragon, J.& Balallo, C. (2023). Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino. *American Journal of Humanities and Social Sciences.* 6(10), 57-61.

Asmad, L. et. al. (2024). Mga estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng batsilyer sa sekundaryang edukasyon sa pamahalaang pamantasan ng Kanlurang Mindanao. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*. 8(2), 202-214.

Budjalemba, A. & Listyani, L. (2020). Factors contributing to students' difficulties in academic writing class: students' perceptions. *UC Journal*,1,2.

Cabigao, J. (2012). *Magsikap. Mamulat. Magsulat. Pagpapaunlad sa batayang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino baitang 7*. Lungsod ng Maloloas, Rehiyon 3, Pp. 4

Espiritu, J. & Acerit, M. (2024). Estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa pagbuo ng mga estratehiya ng pagtuturo ng akademikong pagsulat. *International Multilingual Journal of Science and Technology*, 9(7), 7451-7461.

Ferrer, L., Dela Cruz, J., & Ramos, P. (2021). Ang Papel ng Organisasyon sa Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral. *Philippine Journal of Language Studies*, 15(2), 45-60.

Galdonez, D.G. (2024). Sipat-siyasat sa karanasan at kakayahan ng mga mag aaral sa pagsulat ng rebyu ng mga kaugnay na literature gamit ang repertory grid method. *Puissant*, 5, 1285-1299.

Garcia, L., Santos, P., & Dela Cruz, M. (2021). Epekto ng Pinatnubayang Pagsulat sa Akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral. *Philippine Journal of Education*, 20(3), 78-95.

Garcial, M.(2021). Balidasyon at pagtanggap ng interaktibong supplemental na modyul sa pagganap ng mga mag-aaral. *EPRA International Journal of Research and Development (IJRD). SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016. DOI No: 10.36713/epra7748*

Jacobs, H. L. et al. (1981). *Testing ESL Composition: A Practical Approach.* Rowley, MA: Newbury House

Mendoza, R. (2019). Ang Papel ng Sanayang-Aklat sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral. *Journal of Language and Literacy Studies*, 12(2), 33-50.

Mendoza, R. (2021). Ebalwasyon ng Bisa ng Sanayang-Aklat sa Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral. *Philippine Journal of Language and Education*, 20(2), 65-80.

Quinlog, C. Et.al. (2023). Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita at Pagsulat ng Wikang Filipino. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability and Excellence (IMJRISE)*. 2(1), 60.

Revellame, K. & Aycardo S. (2024). I-BOOKS: Lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 8(6),35-47.

Rogayan, D. & Dollete L. (2019). Development and Validation of Physical Science Workbook for Senior High School. *Science Education International*. 30(4), 284-290.

Saradat et.al. (2025). Guided and Journal Writing: Komparatibong Pag-aaral sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagsulat. *Ignitian International Journal for Multidisiplinary Research*. 3(2), 1099

Torres, P. (2019). *Ang Papel ng Sanayang-Aklat sa Paghubog ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral*. Manila: Aklat Bayan Press.